

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Isinabatas ng Lungsod ng Brampton ang ordinansa para ipatupad ang pisikal na pagdistansya para makontrol ang COVID-19 na may multang hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag

BRAMPTON, ON (Marso 31, 2020) – Sa araw na ito, nilagdaan ni Mayor Patrick Brown ang Ordinansa sa Pang-emergency na mga Pamamaraan ng Brampton sa COVID-19 para makatulong sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente. Sinabihan ng Konseho ng Lungsod ang staff na saliksikin ang pinaigting na pagpapatupad ng ordinansa sa isang Espesyal na Pagpupulong ng Konseho noong Marso 25, 2020.

Ang bagong ordinansa ay nagbabawal sa ilang mga aktibidad at nire-regulate ang pisikal na pagdistansya para makatulong sa pagkontrol sa pagkalat ng COVID-19 sa komunidad. Ang mga indibidwal na hindi sumusunod sa regulasyon ng pisikal na pagdistansya mula sa iba ay maaaring mumultahan ng pinakamababa \$500 at pinakamalaki \$100,000 sa bawat paglabag.

Kabilang sa mga regulasyon sa ilalim ng ordinansa ang:

- Pagbabawal sa mga tao mula sa pagpapanatili nang mas mababa sa layong 2.0 metro mula sa iba sa alinmang propyedad ng publiko (maliban sa mga taong kasama nilang naninirahan);
- Pagbabawal sa mga negosyo na pahintulutan ang mga tao na nakaupo o nakatayo nang mas malapit sa 2.0 metro ang layo sa loob man o sa labas ng negosyo (maliban sa mga taong kasama nilang naninirahan);
- Pagbabawal sa mga tao mula sa paggamit ng alinman sa sumusunod na propyedad ng Lungsod:
 - mga playground at iba pang mga istruktura sa mga parke
 - mga parke ng aso na walang tali;
 - mga picnic shelter;
 - mga pasilidad ng outdoor na sports at kasangkapan ng outdoor fitness, kabilang ang mga sports field, mga basketball at tennis court;
 - mga sentrong panlibangan at nakapaligid na mga lupain; at
 - mga parking lot.

Committed ang Lungsod na pananatiliing may-alam ang mga residente ng Brampton at patuloy na magbibigay ng mga update sa tugon ng Lungsod sa COVID-19 kapag available na ang mga ito. Para sa karagdagang impormasyon sa mga desisyon sa itaas at sa mga pagsisikap ng Lungsod para suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bumisita sa www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa [Twitter](https://twitter.com/CityBrampton), [Facebook](https://www.facebook.com/CityBrampton) at [Instagram](https://www.instagram.com/CityBrampton).

Pira-pirasong katotohanan

- Sa isang COVID-19 Tele Town Hall na may 15,708 kalahok noong Marso 25, 2020, 76 na porsyento ang nagpahiwatig sa pamamagitan ng pool na sinusuportahan nila ang pagpapatupad ng mga multa ng staff ng Lungsod para sa mga hindi nagpapanatili ng pisikal na distansya mula sa iba.
- Noong Marso 27, 2020 sinabihan ng Probinsya ng Ontario ang mga munisipalidad na isinabatas nila ang lehisasyon para bigyan ng kapangyarihan ang mga pang-munisipiyong law

enforcement officer ng Lungsod na ipatupad ang mga regulasyon na ipinasa ng Probinsya sa ilalim ng *Emergency Management at Civil Protection Act*.

- Simula Marso 26, 2020, ang lahat ng higit sa 500 parke at playground sa Brampton ay isinara sa publiko hanggang sa karagdagang abiso.
- Kamakailan, ipinasa ang lehislasyon na nagtatalaga sa mahalaga kontra hindi mahalagang negosyo bilang pagsisikap na makontrol ang pagkalat ng COVID-19.
 - Kung gusto ng mga residente na isumbong ang isang hindi sumusunod na negosyo, ang paggamit ng mga pasilidad na pagmamay-ari ng Lungsod na sarado (maliban sa mga mahalagang serbisyo) o mga pagtitipon ng higit sa limang tao, patatawagin sila sa 311. limbestigahan ng isang enforcement officer ng ordinansa at/o security personnel ang reklamo para matiyak ang pagsunod at maaaring maghain ng mga kaso kung angkop.
 - Kung gustong isumbong ng mga residente ang isang hindi sumusunod na establisyimento ng pagkain tulad ng isang bar o restawran, magsusumbong sila sa Peel Public Health sa 905.799.7700.

Mga Quote

“Ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga residente ay palaging prayoridad sa Lungsod ng Brampton, ngunit lalo na ngayon. Kailangang maunawaan nating lahat ang pagiging seryoso ng COVID-19 at magtutulungan para mapababaan ang pagkalat nito. Magpapatuloy ang Lungsod sa pagsasabatas ng anumang mga pamamaraan para manatiling ligtas ang ating komunidad. Nakikiusap ako sa lahat ng mga residente natin na sumunod sa Ordinansa sa Pang-emergency na mga Pamamaraan ng Brampton sa COVID-19, at panatilihin ang pisikal na pagdistansya sa lahat ng oras.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng pagpapatupad, ang Ordinansa sa Pang-emergency na mga Pamamaraan ng Brampton sa COVID-19 ay magpapahinulot sa staff na itaguyod ang pisikal na pagdistansya sa buong komunidad natin bilang pagsisikap na makontrol ang pagkalat ng COVID-19. Magpapatuloy ang Lungsod na gawin ang anumang mga hakbang na kailangan para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng staff at mga residente.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca